



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

PAUNAWA SA PUBLIKO

Marso 24, 2010

PARA SA: Mga magulang o tagapag-alaga ng mga bata na nakalista sa sumusunod na paaralan:

Mababang Paaralan ng Bessie Carmichael (FEC School)

Lahat ng mga kapitbahay na pamahayan at negosyo na nasa loob ng 1,000 na piye sa iminumungkahing bago o binagong pinanggalingan ng maruming hangin na nakalista sa ibaba.

MULA SA: Bay Area Air Quality Management District

TUNGKOL SA: Paghiling ng Pahintulot #21391 para sa mga sumusunod na (mga) pinanggalingan ng maruming hangin:

Pambusa ng Kape (Coffee Roaster)

Sightglass Coffee Roasters, LLC

270 7th Street

San Francisco CA 94103

Ang Bay Area Air Quality Management District (ang “Distrito”) ay isang lokal na ahensiya na nangangasiwa sa mga nakapirmeng pinanggalingan ng maruming hangin kagaya ng mga pagawaan, mga pang-industriyang lugar, at mga gasolinahan.

Tuwing makatanggap kami ng paghiling ng pahintulot para sa bago o binagong pinanggalingan ng mga nagpaparumi ng nakakalason na hangin na matatagpuan sa loob ng 1,000 na piye sa lugar ng paaralan, hinihiling ng batas ng Estado na pagbigyang-alam ang publiko. Upang matugunan ang pangangailangan na ito, namimigay o nagpapadala kami ng Paunawa sa Publiko sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga estudyante na nakalista sa mga paaralan na matatagpuan sa loob ng 1/4 na milya, at lahat ng mga residente at negosyo na matatagpuan sa loob ng 1,000 na piye, ng iminumungkahing pinanggalingan.

Tinatanggap mo ang Paunawa sa Publiko na ito dahil may paghiling ng pahintulot na nakaharap na sa Distrito para sa itaas na natukoy na pinanggalingan ng maruming hangin. Ang paglalarawan ng iminumungkahing proyekto ay sumusunod:

Ang Sightglass Coffee Roasters, LLC, ay nag-aplay ng Pahintulot para magtayo ng pambusa ng kape (coffee roaster).

Napagpasiyahan na ng Distrito na ang karagdagang panganib sa kalusugan na nagreresulta mula sa mga nagpaparumi ng nakakalason na hangin na mga buga mula sa iminumungkahing pinanggalingan ay nasa loob ng antas

na tinatanggap, at ang proyekto ay susunod sa lahat ng mga ibang kinakailangang naayon na pag-kontrol ng maruming hangin. Nang naaalinsunod, pinaplano ng Distrito ang maglabas ng Pahintulot Para Paandarin ang iminumungkahing proyekto.

Kung ikaw ay intresado na makakuha ng karagdagang impormasyon sa pagtasa ng Distrito sa proyektong ito, mangyaring humiling ng mga kopya ng naaayong mga ulat ng pamatnugutan sa pamamagitan ng pagtawag sa Distrito sa numero ng telepono na nakalista sa dulo ng paunawang ito. Ang impormasyong ito ay maaari ring makita o makuha sa website ng Distrito:

<http://www.baaqmd.gov/Divisions/Engineering/Public-Notices-on-Permits.aspx>

PANAHAON NG PAG-KOMENTARYO NG PUBLIKO

May 30-araw na panahon ang publiko para sa pagsagot sa mungkahing ito. Kung nais mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat o pag-email. Bilang alternatibo, maaari kang tumawag at mag-iwan ng mensahe hanggang sa isang minuto ang haba. Mangyaring iwanan ang iyong pangalan at numero ng telepono para masagot ang patnugutan ng Distrito ang iyong mensahe.

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na pakikipag-ugnay na impormasyon kung gusto mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto:

Direksiyon sa koreo: Sightglass Coffee Roasters, LLC (A# 21391)
Public Notice Response
BAAQMD
Engineering Division
939 Ellis Street
San Francisco, CA 94109
Attn: Nancy Yee

E-mail: nyee@baaqmd.gov

Numero ng Telepono: (415) 749-5122 Kahon #3

Ang panahon ng pag-komentaryo para sa proyektong ito ay magtatapos sa **Abril 22, 2010.**